# *Ang Fiscal Crisis at ang Papel ng Kabataan*

Wigberto E. Tañada
Lead Convenor
Fair Trade Alliance

and

President
Philippine Rural Reconstruction Movement

# *Ang Fiscal Crisis at ang Papel ng Kabataan*

Wigberto E. Tañada
Lead Convenor
Fair Trade Alliance

and

President
Philippine Rural Reconstruction Movement



PRRM CBIS
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

# Ang Fiscal Crisis at ang Papel ng Kabataan

PRRM-CBIS
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability



Isang maalab na araw sa ating lahat!
Isang maalab na araw para sa ating mga mag-aaral at mga kabataan!
Isang maalab ding pagbati para sa lahat ng ating mga guro!

Tulad ng alam na nating lahat, ang pinakamalaking isyung kinakaharap ng pamahalaan ay ang fiscal crisis. It is the raging issue in government today.

The statistics say it all. We incur a budget deficit of almost P200 billion a year. We have a national budget of close to P1 trillion a year, and yet one-third of this goes to interest payments for our debt. Another one-third goes to the servicing of the debt principal. We have a consolidated public sector debt amounting to P6 trillion or 130 per cent of the GDP. Part of the public sector debt is foreign debt amounting to $56 billion. We borrow close to P2 billion a day to keep the

government going. The government is in hock and is unable to survive without resorting to borrowings, domestic and foreign, while the total accumulated borrowings get bigger and more unbearable day by day.

And because our government is bankrupt, there are many needs of our society – classrooms, libraries, instructional materials, housing, medicine, sports facilities, barangay roads, clean potable water and so on which our government is unable to provide. People have to fend for themselves, often without any assistance from government. The problem is that a financially strapped government means poor infrastructures, weak support services and crumbling peace and order, all of which affect the ability of industry and agriculture to survive and be competitive.

Ultimately, the workers and farmers and ordinary people get penalized. They cannot find sustainable jobs and incomes. We have five million unemployed and six million underemployed. We have 3,000 Filipinos leaving the country daily in search of the proverbial greener pastures overseas. And those who cannot leave the country get stuck in low-paying and low-earning jobs. Some hardly make any. This is why we have close to a fifth of the population living on a dollar a day.

So what future is awaiting the nation's youth?

Clearly, the fiscal and debt crisis haunting the nation today is also a crisis of the youth, those who will manage the affairs of our society years from now.

In the meantime, we have 11 UP economics professors telling the nation that an Argentina-type crisis is awaiting the country if the government fails to raise and collect new taxes. Our President, Gloria Macapagal-Arroyo, also admits that we are in fiscal crisis and the government needs all the new taxes and contributions its citizens can make.

An Argentina scenario means a repeat of what happened to Argentina in 2001, before the 9-11 event in New York. When Argentina could not pay its foreign debt, which reached 70 per cent of its GDP, the Argentinian peso plunged down by the hour. Kung kakain ka sa restaurant, dapat may usapan na kayo sa presyo sapagkat pagkatapos mong kumain, iba na ang halaga ng piso at presyo ng kinain ninyo. In a month, Argentina

P R R M - C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

saw three Presidents assuming office, thousands of jobless people pouring on the streets, widespread food riotings and a rapid contraction of the economy. Argentina was one of the richest Latin American countries; today, it is one of the poorest.

So what do we do to avoid an Argentina scenario?

## The fiscal crisis is rooted in wrong economic policies

Katulad ng napag-aralan ninyo, hindi malulutas ang isang problema kung hindi natin alam ang ugat nito.

Kami sa Fair Trade Alliance (FTA) ay nagsasabi na totoong may fiscal crisis — malalim at matagal na.

Subalit hindi kami kontento sa government prescription – dagdag na buwis sa negosyo at sa sambayanan. Ang mga karagdagang buwis na ito ay lalong magtutulak sa mga negosyong magsara at magtanggal ng trabaho. Mapipilitan din ang ating mga magsasaka na iwan ang kanilang pataniman dahil mataas ang gastos sa produksyon at wala namang kakayanan ang mga tao na mamili ng kanilang ani. Sa kalaunan – walang produksyon sa pabrika, walang produksyon sa agrikultura - lalong walang buwis na masisingil ang pamahalaan.

Ang isyu para maresolba ang financial crisis ay hindi lamang usapin ng pagdaragdag ng buwis. Ang mas mahalagang isyu na dapat pagtuunan ng gobyerno at ng buong sambayanan ay ang pagpapalaki ng taxable sector, pagpapalakas sa kakayahang magbayad ng buwis ng mga industriya, manggagawa at magbubukid, at ang higit na pagpaparami pa ng bilang ng mga nakatayong mga industriya, pagpapalaki ng bilang ng mamamayan na may sapat na hanapbuhay sa kalunsuran at kanayunan. Pagpapalaki at pagpaparami ng bilang ng mga Pilipino na may kakayanang magbayad ng buwis.

This brings me to the second issue. The UP economics professors failed to state or analyze that the fiscal crisis is rooted in the failure of the industrial sector to grow and expand in the last three decades or so.

P R R M - C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

Sino ba ang nagbabayad ng buwis? Ito ay ang mga may pabrikang nakatayo at gumagana, mga negosyong kumikita, mga empresaryong may mga manggagawa at empleyado na may obligasyon at kakayanang mag-remit sa SSS bilang contributions, may ini-re-remit din sa BIR na corporate taxes at withholding taxes ng mga empleyado, at may ibinabayad sa din sa local government bilang municipal tax, business permit at iba pang buwis. Kung hindi lumalaki, bagkus lumiliit pa ang industrial sector, asahan nating liliit din ang koleksyon ng buwis.

Ang masama, lumiit pa lalo ang koleksyon ng buwis dahil sa smuggling ng mga foreign goods, lalo na yaong galing sa Tsina – sapatos, garments, tiles at ceramics, mga produktong agrikultura tulad ng patatas, carrots, sibuyas, at marami pang iba.

Mura ang presyo sa local na pamilihan sapagkat hindi nagbabayad ng tamang buwis, kaya technical smuggling ang tawag diyan. Mura ang presyo dahil ibinaba ng pamahalaan ang taripa, zero to five per cent. Dahil sa smuggling at sa mababang taripa, ang imported ay mas mura at mas mababa ang bayad na buwis. Fair ba ito sa sariling negosyo at industriya natin? Fair ba ito sa ating mga manggagawang nawawalan ng trabaho? Fair ba ito sa mga magsasakang di kayang sumabay sa mga imports gaya ng mga taga-Cordillera at taga-Central Luzon na tinatamaan ng imported at smuggled onion, garlic, carrot, cabbage at iba pang mga gulay? Fair ba ito sa sambayanan na nagbabayad sa lumalaking utang dulot ng krisis sa government revenues?

The worst part of our problem is that those who told us to lower our tariffs, to open up our markets and to liberalize the economy in general did not tell us what to do in case the promised investment flows, anticipated job creation and projected expansion of the economy would not materialize as what really happened in the last three decades. I am referring here to the neo-liberal economists and the IMF-World Bank consultants who advised different Administrations, from Marcos to the present, that a unilateral trade liberalization program would usher in more foreign investments and would create more jobs. Yes, more investments did flow and more jobs were created – not in the Philippines but in other and more protected Asian countries such as China, India and Thailand.

P R R M - C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

## What the FTA seeks

Kaya kami po sa FTA ay nananawagan sa pamahalaan para sa mas komprehensibong solusyon sa fiscal crisis. Ang dagdag na buwis ay parang band-aid solutions, di tunay na solusyon sa malalim na mga dahilan ng fiscal crisis.

Una, kailangan po nating sugpuin ang smuggling. Sa estima ng FTA, halos P175 bilyon ang nawawala bawat taon sa smuggling, technical smuggling at outright smuggling. Katumbas ito ng annual budget deficit. Tayo lamang ang bansa sa Asya na parang paraiso ng mga smuggled goods, na ibinebenta sa bangketa at sa loob ng mga malls sa halos lahat ng sulok ng bansa.

Ikalawa, kailangan pong itaas ang mga taripa ng Pilipinas sa maximum bound rates natin na ipinahihintulot naman ng WTO. Halimbawa, ang maximum bound rates natin sa agrikultura sa WTO ay 40 porsiyento sa maraming produkto. Bakit ibababa ang taripa sa 5, 10 or 15 per cent, o bakit itataas hanggang 25 per cent gaya nang ginawa ng NEDA sa gulay noong nakaraang taon? Ang taripa ng India sa agrikultura ay 80 porsiyento. Mataas din ang sa Tsina at Thailand.

Ikatlo at ito ang pinakamahalaga, dapat iayos ang takbo or direksyon ng industrialization at agricultural development sa Pilipinas. Kami sa FTA ay believers sa ***'Fair and just trade in support of a balanced and progressive national economy.'*** Patas at makatarungang kalakalan bilang suporta sa isang balanse at progresibong ekonomiya.

Sa mga ekonomista, ang kahulugan ng free trade o malayang kalakalan ay pag-aalis ng mga restraint sa kalakal tulad ng mga taripa, mga restrictions, intervention ng pamahalaan at iba pa. Sa negosyo, mahalaga ito sapagkat kailangan ng negosyante ng ispasyo at autonomiya sa pagpapatakbo ng isang negosyo.

Subalit hindi absolute ang kalayaan na iyan. Dapat igalang ng negosyo ang umiiral na batas, ang komunidad, ang karapatan ng mga manggagawa at ang environment.

Sa kasamaang palad, sa pangdaigdigang kalakalan, ang kahulugan ng free trade ay kalayaan ng mga bansa, mayaman at mahirap, na magpasok at

P R R M C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

maglabas ng kalakal kahit saan nang walang sagwil. Wala o mababang taripa, walang mga restrictions at walang pakialam ng pamahalaan. Ito ang ibinabandila sa World Trade Organization. Free trade batay sa parehong mga batas ng kalakalan.

Pero kung ang kalakalan ay sa pagitan ng isang maunlad at ng isang di maunlad na bansa, paano magiging pantay ang kalakalan? Heavyweight versus flyweight? Tyson versus Pacquiao?

At ganito ang nangyayari sa daigdig, sa ilalim ng tinatawag na free trade, lalong yumayaman ang mayayamang bansa at lalong naghihirap ang mahihirap. Kasi talo ang mahihirap sa teknolohiya, sa impraistruktura, sa antas ng development at sa kahandaan. Kaya ang free trade ay nagiging unfair — kung ang labanan ay sa pagitan ng dalawang di pantay na trade partners, kahit na sabihing patas lamang ang mga rules.

Ngayon, di na nga pantay ang mga trading partners, may pangdaraya pa ang mauunlad na bansa. Sa agrikultura, walang suporta o subsidy ang Pilipinas at ibang mahihirap na bansa sa kanilang maliliit na magsasaka. Pero ang mga mauunlad na bansa, sa halip na magbawas ng subsidy ay nagdagdag pa – mula half a billion dollars a day to one billion dollars a day sa loob ng isang dekada, l994-2003. Sa isang pag-aaral, may nagsasabi na ang suporta na tinatanggap ng isang American farmer ay umaabot sa halos $160,000 a year per farmer. Ang kanilang baka ay tumatanggap ng subsidy na $2.50 bawat araw, samantalang napakaraming tao ang nagpipilit mabuhay sa $1 a day.

Ang ating mga prutas na tulad ng saging at pinya ay di makapasok sa Australia dahil pinapatawan nila ng sari-saring phyto-sanitary standards. Malayang kalakalan kung gusto nila, pero kung ayaw nila ang ating produkto, ang daming dahilan para maharangan nila.

Di na fair ang patas na rules sa pagitan ng mayaman at mahirap na bansa, nadagdagan pa ito ng mga unfair na maneuvers ng mayayaman katulad ng kanilang mga agricultural subsidies at mga unfair impositions katulad ng iba't-ibang standards at requirements para makapasok sa kanilang palengke.

P R R M - C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

Kasama na rin sa unfairness ang tinatawag na mga dumping ng mga excess products. Ganito ang ginagawa sa Pilipinas ng Tsina at Taipei. Idina-dump ang mga excess products, tulad ng sapatos na may valuation na $1 isang pares kung maganda at $.10 kung mahinang klase. Anong laban ng Marikina shoes dito? O kung minsan, ibabagsak nila ang presyo ng produkto sa ating palengke. Pero pag bagsak na ang lokal industry, itataas naman nila ang presyo, tulad ng ginawa ng mga importers ng bakal, matapos tumagilid ang National Steel sa Iligan.

Nariyan din ang control ng mga mayayaman sa teknolohiya. Gusto nila ang malayang kalakalan, pero pagdating sa teknolohiya wala. Gusto nila ay igalang ang mga patents at copyrights ng mga produkto. Kung gagamitin ang teknolohiya nila, magbabayad tayo ng royalty. Katulad ng industriya ng manok. Alam ba ninyo na sa bawat itlog ng manok, nagbabayad tayo ng royalty dahil sa importasyon ng tinatawag na grandparent stocks. At dahil genetically engineered ang mga manok, nagbabayad tayo para sa mga imported veterinary products at imported feeds, lalo na soya meal. Kaya mahigit sa 80 porsiyento ng halaga ng isang itlog ay bayad sa royalty, imported feeds at veterinary materials. Ang tawag ng ibang tao dito ay 'chicken imperialism'.

## Fair trade at papel ng kabataan

Ngayon ano po ang magagawa ng kabataan?

Nagsimula tayong magtalakay ng fiscal crisis, at nauwi tayo sa poor development ng ating ekonomiya dahil sa unfair trade and lack of support to local industry and agriculture. Hindi po ito maiiwasan sapagkat tunay na magkaugnay sila.

Kaya sa nakikita ko, kung sasangkot ang kabataan sa laban sa fiscal crisis, kailangan sangkot din sila sa laban para sa fair trade.

Ang pinakamahaga ay kilalanin ang karapatan ng isang papaunlad na bansa na umunlad sang-ayon sa kaniyang lebel of development at sang-ayon sa kaniyang pangangailangan. We must develop according to our level of development and in accordance with our development requirements, step by step. Hindi po pwede na basta na lamang ihaharap tayo sa mga dambuhalang industriya ng mga dayuhan at hahayaang mamatay ang ating industriya,

P R R M – C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

PRRM 50 YEARS

agrikultura at mga trabaho. Ito po ang dahilan kung bakit patuloy naming pinupuna ang NEDA at iba pang mga neo-liberal na ekonomista sa pagpipilit nilang tanggapin natin ang programa ng deregulasyon at liberalisasyon

> nang walang transisyon,
> nang walang pakundangan sa anumang magiging epekto sa local industry at agriculture,
> nang walang paghahanda at pagpapalakas muna, at
> nang walang konsultasyon at dayalogo na katulad nang ginagawa natin.

## Towards a new development framework: A ladder-led growth path

Kaya panay ang panawagan ng Fair Trade Alliance sa DTI, sa DA at sa pamahalaan na baguhin ang takbo ng patakaran sa industriya, sa agrikultura at sa kalakal.

Ang trade policy ay isa lamang instrumento para sa pagpapaunlad. Hindi tayo dapat magbukas ng bintana at pinto para papasukin ang dayuhang kalakal. Magbubukas lamang tayo sapagkat handa tayo at beneficial ang trade sa bawat isa. Pero isasara natin ng kaunti kung tayo ay napipinsala, kung nalalaglag ang ating mga trabaho o nagbabagsakan ang ating industriya.

Higit sa lahat, kailangan nating balikan ang ating pananaw sa buhay. Gusto ba nating umunlad bilang isang bayan? Gusto ba nating maabot ang naabot ng Hapon, ng Amerika, ng Korea, ng Malaysia at ngayon, ng Thailand at Tsina?

Kung oo, gayahin natin ang ginawa nila. Suportahan ang sariling industriya, sariling agrikultura. Itaas ang kakayahan ng bawat isa – sa kaalaman, sa pagmamaneho, sa kooperasyon, sa teknolohiya at iba pang mga bagay. Rendahan ang pagpasok ng mga dayuhang kalakal habang hindi pa handa ang lokal na industriya at agrikultura. Palakasin ang ating agro-industrial base sapagkat kung puro importation tayo, patay tayo sa diktasyon ng mga dayuhan, patay tayo sa fluctuation ng peso, patay tayo sa mabilis na daloy ng kumpetisyon. Kung may existing industries, palakasin at pagyamanin ang mga ito. Kung may mga industriya na dapat itayo para

PRRM - CBIS
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

bumilis ang pag-unlad, pagtulungan nating itayo. Kung kailangan ang teknolohiya, tuklasin natin o hanapin natin.

Kung walang puhunang makuha sa labas, imobilisa ang lokal na puhunan. Nariyan ang savings ng 8 milyong OFWs. Nariyan ang 85 milyon Pilipino na isang malaking palengke para sa local industry at agriculture kung mapapalakas ang tangkilikang Pilipino. Nariyan ang isang magandang kinabukasan na naghihintay sa ating lahat – kung matutuhan nating yakapin ang economic nationalism at ibalik ang hagdanan sa pag-unlad.

Let us bring back the industrial ladder. Let us bring back the agricultural ladder. Let us bring back the technology- and skills-based ladder. Let us throw away the neo-liberal ladder-less model of free trade development? Let us bring back the future!

Ito ang hamon sa kabataan. Buhayin ang diwang nasyonalismo. Sumama sa kampanya na baguhin ang direksiyon ng ekonomiyang nakasandig sa utang at sa makitid na neo-liberal economic framework. Manguna sa paggising ng mga utak ng ating mga teknokrat at opisyales na na-addict sa utang at buwis. Ang solusyon sa fiscal crisis ay hindi makukuha sa pagdadagdag ng buwis at bagong pangungutang. Ang solusyon ay nasa radical na pagbabago ng kaayusang pangkabuhayan.

Ibalik natin ang kinabukasan! Mabuhay ang kabataan!

P R R M - C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability